



COVID-19: Mga Katotohanan sa Bakuna Pagdadalang-tao at Pagpapasuso

BAKIT MAGPAPABAKUNA?



- **Inirerekomenda** ng mga eksperto sa pagdadalang-tao **ang pagpapabakuna sa COVID-19** para sa mga taong nagdadalang-tao at nagpapasuso. Kabilang rito ang pagkuha ng pampalakas (booster) na dosis sa COVID-19 kapag oras na para kumuha nito.
- Kung ikaw ay nagdadalang-tao o kamakailan ay nagdalang-tao, mas malamang na ikaw ay magkasakit mula sa COVID-19 kumpara sa mga taong hindi nagdadalang-tao.
- Kung ikaw ay magkakaroon ng COVID-19 habang ikaw ay nagdadalang-tao, ikaw ay nasa mas mataas na panganib ng mga komplikasyon tulad ng maagang panganganak o pagkakunan.
- Ang pagkuha ng **bakuna sa COVID-19 ay maaaring promotekta sa iyo at sa iyong sanggol** mula sa malubhang pagkakasakit sa COVID-19. Ang pagiging malusog hangga't maaari sa panahon ng pagdadalang-tao ay hindi lamang mahalaga para sa iyong kalusugan ngunit pati na rin sa kalusugan ng iyong sanggol. Ang proteksyong nakukuha mo mula sa bakuna ay naipapasa rin sa iyong anak at tinutulungan silang manatiling ligtas sa kanilang mga unang buwan ng pagkabuhay.

KAILAN MAGPAPABAKUNA

- Ang bakuna ay maaaring ibigay sa **anumang yugto ng pagdadalang-tao** o kapag nagpapasuso.
- Karamihan ng tao ay nangangailangan ng 2 dosis ng bakunang Pfizer o Moderna para sa kanilang pangunahing serye na may pampalakas na bakuna (booster) 5 buwan kalaunan. Ang mga taong may mahihinang sistema ng imyunidad ay maaaring mangailangan ng mga karagdagang dosis at/o ikalawang pampalakas na bakuna at dapat na makipag-usap sa kanilang doktor. Para sa mas marami pang detalye, tingnan ang mga iskedyul ng bakuna sa ph.lacounty.gov/VaccineAppointment.



ANO NAMAN ANG TUNGKOL SA KALIGTASAN?

- Libo-libong nagdadalang-tao ay **ligtas nang nakatanggap ng mga bakuna sa COVID-19**. Walang mga ulat ng nadagdagang panganib ng pagkakunan, pagkamatay sa panganganak, mga problema sa paglaki, o depekto sa kapanganakan.
- Kung mayroon kayong mga katanungan, **makipag-usap sa iyong doktor**. Maaari mo ring tawagan ang 866-626-6847, i-tekst ang 855.999.8525, i-e-mail ang ContactUs@mothertobaby.org o simulang makipagchat sa mothertobaby.org/ask-an-expert.



ANG MGA BAKUNA AY LIBRE PARA SA LAHAT – kahit na wala kang seguro (insurance)

Hindi ka tatanungin tungkol sa katayuan sa iyong imigrasyon. Maraming lugar sa buong LA County – marami ang bukas sa sabado at linggo at gabi at hindi nangangailangan ng tipanan (appointment). Upang makahanap ng isang lokasyon sa inyong lugar.

- Bisitahin ang VaccinateLACounty.com o tawagan ang **833-540-0473**, 8 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi.
- Maaari mo ring tawagan ang 2-1-1 o tanungin ang iyong doktor o lokal na parmasist.
- May makukuha ring libreng transportasyon at pagpapabakuna sa bahay.